



Mga Inirerekomendang Pagsusuri

Mga Sanggunian:



[Genetic FAQ's](#)



[Mga presentasyon sa genetics](#)

Bakit inirerekomenda ang mga karagdagang pagsusuri pagkatapos ng diagnosis ng pagkawala ng pandinig?

- Kapag ang isang bata ay na-diagnose na bingi/mahina ang pandinig (d/hh, akronim nito sa Ingles), inirerekomenda ng Joint Commission on Infant Hearing (JCIH) na magkaroon sila ng mga ebalwasyon sa ibang mga propesyonal upang maalis ang iba pang mga karamdamang nauugnay sa pagkawala ng pandinig. Maaaring kabilang sa mga propesyonal na ebalwasyong ito ang mga pagbisita sa isang genetic counselor, cardiologist, neurologist, ophthalmologist, atbp.
- Ang genetics ay ang pag-aaral ng mga gene, kung ano ang mga ito at kung paano gumagana ang mga ito.
- Ang mga gene ay kung paano tayo nagmamana ng mga katangian o personalidad mula sa ating mga ninuno. Sa isang appointment/ebalwasyon sa genetics, maaaring makipagtulungan ang mga pamilya sa isang genetic counselor o isang geneticist kung saan tatalakayin nila ang family history ng mga sakit o syndrome, magkaroon ng talakayan tungkol sa pagkawala ng pandinig ng bata, at maaaring kumuha ng dugo mula sa mga magulang at sa bata na d/hh para sa pagsusuri.
- Ang mga genetic na ebalwasyon ay maaaring magbigay sa mga pamilya ng impormasyon tungkol sa sanhi ng pagkawala ng pandinig, kung ang pagkawala ng pandinig ay inaasahang lumala, iba pang posibleng mga karamdaman (hal., sa bato, paningin, puso), at posibilidad ng pagkawala ng pandinig sa mga magiging supling (o mga supling ng malalapit na kamag-anak).
- Kung minsan, ang isang genetic na pagtukoy ay maaari ding tumukoy ng isang partikular na syndrome na nauugnay din sa iba pang hindi nakikilalang mga kondisyong medikal na nangangailangan ng interbensyon. Gayunman, walang dahilan ang maaaring maiugnay sa pagkawala ng pandinig.
- Ipinapakita ng mga pag-aaral na hindi bababa sa 50% ng mga diagnosis ng pagkawala ng pandinig ay namamana.
- Ang bawat sanggol na d/hh ay dapat magkaroon ng regular na ebalwasyon ng isang ophthalmologist upang matukoy kung mayroong mga alalahanin sa paningin at upang maalis ang mga sakit sa paningin, tulad ng mga katarata o Usher syndrome.
- Iminumungkahi ang isang electrocardiogram para sa mga batang bingi nang husto upang matukoy ang isang bihirang kondisyon ng puso na tinatawag na Jervell and Lange-Nielsen syndrome, na maaaring maging napakalubha kung hindi matutukoy.
- Kadalasan, ang doktor ay mag-uutos ng isang CT scan at isang MRI. Titingnan ng CT ang gitnang tainga at titingnan ng MRI ang kaloob-loobang tainga at ugat.
- Makakatulong din ang mga pagsusuring ito na matukoy ang sanhi ng pagkawala ng pandinig at mga rekomendasyon para sa pag-amplify.